

Hulyo 24, 2020

Kautusang Tagapagpaganap 2020-47

EXECUTIVE ORDER 2020-47
(KAUTUSANG TAGAPAGPAGANAP PARA SA COVID-19 BLG. 44)

SAPAGKAT, ang Coronavirus 2019 (COVID-19), isang bagong malubhang sakit sa paghinga, ay mabilis na kumalat sa buong Illinois sa isang maikling panahon, na nangangailangan ng mahigpit na gabay mula sa pederal, estado, at mga lokal na opisyal ng kalusugan ng publiko at makabuluhang hakbang upang tumugon sa pagtaas ng kalamidad sa kalusugan ng publiko; at,

SAPAGKAT, ang COVID-19 ay maaaring kumalat sa mga tao sa pamamagitan ng transmisyon sa respirasyon, ang mga taong walang sintomas ay maaaring magpasa ng birus, at sa kasalukuyan ay wala itong epektibong paggamot at bakuna; at,

SAPAGKAT, noong Marso 9, 2020, ako, si JB Pritzker, Gobernador ng Illinois, ay ipinahayag ang lahat ng mga kondehan sa Estado ng Illinois bilang isang lugar ng kalamidad bilang tugon sa pagkalat ng COVID-19; at,

SAPAGKAT, noong Abril 1, 2020, idineklara ko na ang lahat ng mga probinsiya sa Estado ng Illinois bilang isang lugar ng kalamidad dahil sa napakalawak na pagkalat ng COVID-19; at,

SAPAGKAT, noong Abril 30, 2020, dahil sa inaasahang patuloy na pagkalat ng COVID-19, ang mga nagresultang epekto sa kalusugan sa buong Estado, pati na rin ang pangangailangan upang matugunan ang mga potensyal na kakulangan ng mga kama ng ospital, mga kama ng ICU, mga makinang tulong sa paghinga, kagamitan para sa personal na proteksiyon at mga materyales para sa pagsubok para sa birus, ipinahayag ko ang lahat ng mga kondehan sa Estado ng Illinois bilang isang lugar ng kalamidad; at,

SAPAGKAT, noong Mayo 29, 2020, dahil sa libu-libong buhay na nawala sa COVID-19 sa Illinois, ang patuloy na pagdaragdag ng mga kaso, ang patuloy na banta ng mga kakulangan sa mga kama sa ospital, kwartong pang-emerhensiya, at mga bentilador, ang pinabuti ngunit hindi pa rin sapat na kapasidad sa pagsusuri, at ang pagkawasak ng ekonomiya na dulot ng birus, muli kong idineklara ang lahat ng mga probinsiya sa Estado ng Illinois bilang isang lugar ng kalamidad; at,

SAPAGKAT, noong Hunyo 26, 2020, dahil sa patuloy na pasanin sa mga mapagkukunan ng ospital, ang inaasahang patuloy na pagkalat ng COVID-19, at ang patuloy na epekto sa kalusugan at ekonomiya na dulot ng COVID-19, muli kong idineklara ang lahat ng mga probinsiya sa Estado ng Illinois bilang isang lugar ng kalamidad; at,

SAPAGKAT, noong Hulyo 24, 2020, dahil sa inaasahang patuloy na pagkalat ng COVID-19 at ang patuloy na epekto sa kalusugan at ekonomiya na madarama sa darating na buwan ng mga tao sa buong Estado, muli kong idineklara ang lahat ng mga probinsiya ng Estado ng Illinois bilang isang lugar ng kalamidad (kasama ang mga naunang proklamasyon na nakilala sa Kautusang Tagapagpaganap na ito, ang Gubernatorial na mga Proklamasyon ng Kalamidad); at,

SAPAGKAT, kinakailangan at nararapat para sa Estado ng Illinois na magpatuloy na gumawa ng agaran at makabuluhang mga hakbang upang maiwasan o pabagalin ang pagkalat ng COVID-19 at protektahan ang pampublikong kalusugan sa pagsiklab ng COVID-19; at,

SAPAGKAT, ang Pagpapanumbalik ng Illinois ay isang limang-yugtong plano upang buksan muli ang Illinois, ginagabayan ng mga sukatan sa kalusugan at kasama ang maingat na pagpapatuloy ng natatanging mga negosyo, edukasyon, at libangan sa bawat yugto; at,

SAPAGKAT, ang plano ng Pagpapanumbalik ng Illinois ay nagtatag ng apat na mga rehiyon sa kalusugan sa Illinois, bawat isa ay may kakayahang nakapag-iisa na kumilos sa pamamagitan ng may yugtong diskarte; at,

SAPAGKAT, simula Hulyo 24, 2020, ang lahat ng apat na mga rehiyon ng kalusugan ay lumipat sa Ikaapat na Yugto ng planong Restore Illinois at,

SAPAGKAT, pinapayagan ng Ikaapat na Yugto ang mga paaralan na magbukas muli at magbigay ng personal na pagtuturo, alinsunod sa patnubay ng Illinois Department of Public Health (IDPH); at,

SAPAGKAT, noong Hunyo 4, 2020, inisyu ko ang Kautusang Tagapagpaganap 2020-40 na nagpapahintulot sa lahat ng pampubliko at hindi pampublikong mga paaralan sa Illinois na muling magbukas para sa limitadong harapang pagtuturo sa panahon ng Ikatlong Yugto at hinihingi sa mga paaralan na sumunod sa patnubay ng IDPH upang masiguro ang kaligtasan ng mga estudyante, kawani, at mga bisita; at,

SAPAGKAT, noon Hunyo 26, 2020 inisyu ko ang Kautusang Tagapagpaganap 2020-44, na sinusugan ang Kautusang Tagapagpaganap 2020-40 upang magbigay-loob sa transisyon sa Ikaapat na Yugto, kung saan ang mga pagtitipon nang hanggang sa limampung katao ay pinahihintulutan; at,

SAPAGKAT, sa aking hiling at sa ilalim ng aking awtoridad, ang Lupon ng Edukasyon ng Estado ng Illinois ay inisyu ang Transition Joint Guidance na may mga kinakailangan at mga rekomendasyon na gawin ang muling pagbubukas ng mga paaralan para sa harapang pagtuturo para sa taon ng paaralan 2020-2021 nang ligtas hangga't maari; at,

SAPAGKAT, noong Hulyo 15, 2020, inisyu ko ang binagong plano sa pagpapagaan bilang bahagi ng Restore Illinois na naghahati sa Estado sa labing-isa na mga rehiyon ng kalusugan pero walang epekto sa kakayahang magamit sa Transition Joint Guidance sa mga paaralan ng preK-12;

SAMAKATUWID, sa pamamagitan ng mga kapangyarihang ibinigay sa akin bilang Gobernador ng Estado ng Illinois, alinsunod sa Konstitusyon ng Illinois at mga Seksyon 7(1), 7(2), 7(8), at 7(12) ng Illinois Emergency Management Agency Act, 20 ILCS 3305, at kahanay ng mga kapangyarihan sa mga batas sa kalusugang pampubliko, inuutos ko ang mga sumusunod, simula Hulyo 24, 2020:

Seksyon 1. Ang lahat ng mga pampubliko at hindi pampublikong paaralan sa Illinois na naglilingkod sa mga estudyante ng pre-kindergarten hanggang ika-12 na baitang ay maaaring magbukas para sa mga harapan na pang-edukasyon na layunin kasunod ang pagkumpleto sa regular na termino ng paaralan 2019-2020. Lahat ng mga pampubliko at hindi pampublikong paaralan ay dapat sumunod sa patnubay ng IDPH at ISBE sa panahon ng Ikaapat na Yugto at gumawa ng mga aktibong hakbang upang matiyak ang kaligtasan ng mga mag-aaral, kawani, at mga bisita, kabilang, ngunit hindi limitado sa mga sumusunod na alituntunin sa pampublikong kalusugan:

- a. Limitahan ang bilang ng mga tao sa isang puwang hanggang sa limampu o mas kaunti.
- b. Tiyakin ang pagsunod sa mga kinakailangang pagitan mula sa kapwa-tao sa abot ng makakaya. Para sa mga layunin ng Kautusang Tagapagpaganap na ito, ang pagitan mula sa kapwa-tao ay kinabibilangan ng pagpapanatili ng hindi bababa sa anim na talampakan na pagitan mula sa ibang mga indibidwal at pagbabawal ng pisikal na ugnayan sa pagitan ng mga indibidwal.
- c. Kinakailangan ang pag-screen sa sintomas at mga pagsusuri sa temperatura o paghingi sa mga indibidwal na patunayan na sila ay walang sintomas ng COVID-19 bago pumasok sa mga gusali ng paaralan.
- d. Tiyakin ang naaangkop na mga kasanayan sa kalinisan, kabilang ang paghuhugas ng kamay gamit ang sabon at tubig nang hindi bababa sa dalawampung segundo nang madalas hangga't maaari o paggamit ng hand sanitizer, pagtakip sa bibig kapag umubo o bumahing (gamit ang manggas o siko, hindi ng mga kamay), pagbabawal ang

pagbabahagi ng mga personal na gamit, at regular na paglilinis at pagdidisimpekta sa mga madalas hawakang ibabaw.

- e. Hilingin ang paggamit ng naaangkop na personal na kagamitan sa proteksiyon ng mga estudyante, kawani, at mga bisita, kabilang ang paggamit ng mga takip sa mukha na higit sa dalawa ang edad at maaaring gumamit ng takip sa mukha. Ang mga paaralan ay dapat magbigay ng mga takip ng mukha sa lahat ng mga empleyado na hindi kayang panatilihin ang anim na talampakang pagitan mula sa kapwa-tao sa lahat ng oras at, hangga't maaari, gumawa ng mga takip sa mukha na magagamit ng lahat ng mga estudyante.

Seksyon 2. Ang Kautusang Tagapagpaganap na ito ay pumipigil sa anumang salungat na probisyon ng anumang naunang Kautusang Tagapagpaganap. Ang anumang mga probisyon na hindi salungat sa mga nasa Kautusang Tagapagpaganap na ito ay dapat manatili nang buong lakas at epekto.

Seksyon 3. Kapag anumang probisyon ng Kautusang Tagapagpaganap na ito o aplikasyon nito sa sinumang tao o pangyayari ay walang bisa ayon sa anumang korte ng karampatang hurisdiksyon, ang kawalang-bisa na ito ay hindi nakakaapekto sa anumang probisyon o aplikasyon ng Kautusang Tagapagpaganap na ito, na maaaring bigyang bisa nang wala ang imbalidong probisyon o aplikasyon. Upang makamit ang layuning ito, ang mga probisyon ng Kautusang Tagapagpaganap na ito ay idineklarang maaaring matapos.

JB Pritzker, Gobernador

Inisyu ng Gobernador: Hulyo 24, 2020

Isinalin ng Kalihim ng Estado: Hulyo 24, 2020